Exodo 12

# Paano Isinisimbolo ng Paskua ang Pagbabayad-sala ni Cristo?

Ginugunita sa Kapistahan ng Paskua ang pagliligtas sa mga Israelita mula sa Ehipto (tingnan sa Exodo 12:27). Sa pamamagitan ng mga simbolo, maaaring ituro sa atin ngayon ng Paskua na tulad noong iligtas ng Panginoon ang mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Ehipto, maaari din Niya tayong iligtas mula sa pagkaalipin sa kasalanan.



***Kordero ng Paskua***
Isang lalaking kordero na walang kapintasan ang pinatay at kinain sa piging. Inialay ng Diyos ang Kanyang Bugtong na Anak, bilang "korderong walang kapintasan" (1 Pedro 1:19), upang maghatid ng kaligtasan sa Kanyang mga anak.






***Dugo sa mga Haligi ng Pintuan***
Ang mga Israelitang naglagay ng dugo ng kordero sa mga haligi ng kanilang pintuan ay naligtas mula sa pisikal na kamatayan nang dumating ang huling salot (tingnan sa Exodo 12:13). Paano isinasagisag ng dugo ng kordero ang Pagbabayad-sala ni Cristo? Paano tayo tinutulungan ng Tagapagligtas na madaig kapwa ang pisikal at espirituwal na kamatayan?





***Mapapait na Gulay***
Kumain ng mapapait na gulay sa Paskua ang mga Israelita para maalala nila ang pait ng kanilang pagkaalipin sa Ehipto (tingnan sa Exodo 12:8). Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, ininom ng Tagapagligtas ang "mapait na saro" (3 Nephi 11:11) para matulungan Niya tayong madaig ang pagkaalipin sa kasalanan.







***Ang Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa***
Inutusan ng Panginoon ang mga Israelita na kumain ng tinapay na walang pampaalsa para maalaala ang Paskua (tingnan sa Exodo 12:15). Sa Huling Hapunan, kumain si Jesus ng tinapay na walang pampaalsa at inanyayahan ang Kanyang mga apostol na "[kumain] . . . sa pag-aalaala sa [Kanya]" (1 Corinto 11:24). Paano ipinapaalala sa inyo ng sakramento ang Tagapagligtas?

PAIKOT MULA ITAAS KALIWA: *ANG MABUTING PASTOL*, NI WILLIAM HENRY MARGETSON; *ANG PASKUA*, NI WILLIAM HENRY MARGETSON; *ANG PAGPAPAKO KAY CRISTO SA KRUS*, LIKHA NG DI-KILALANG ARTIST; *SI CRISTO SA GETSEMANI*, NI MICHAEL T. MALM; *PINASIMULAN NI CRISTO ANG SAKRAMENTO SA MGA APOSTOL*, NI DEL PARSON; *ANG HAPUNAN SA PASKUA*, NI BRIAN CALL; LARAWANG KUHA NG PLATO NG PAGKAIN SA PASKUA MULA SA GETTY IMAGES